talastásan
A PHILIPPINE JOURNAL OF COMMUNICATION AND MEDIA STUDIES

Talastásan: A Philippine Journal of Communication and Media Studies
December 2024 Volume 3 Number 2

# Editor's Note

Mahalaga ang komunikasyon sa bawat bahagi ng ating lipunan: sa negosyo, pamahalaan, pamayanan, at maging sa mga personal na espasyo sa online. Sa isyung ito ng *Talastásan: A Philippine Journal of Communication and Media Studies*, tampok ang anim na pananaliksik na sumusuri sa iba't ibang anyo ng komunikasyon at kung paano ito nakaaapekto sa ugnayan ng mga tao, institusyon, at lipunan.

Mula sa larangan ng korporasyon, tinutukoy nina Maria Patricia S. Nuguid at Malaya A. Ygot ang papel ng *diversity* at *inclusivity messages* sa pamamahala ng *corporate reputation*. Ipinakikita sa kanilang pag-aaral na ang malinaw na mensahe ng pagkakapantay-pantay at pagiging bukás sa lahat ay mahalagang salik sa pagpapanday ng tiwala at identidad ng isang organisasyon.

Samantala, ibinabahagi nina Hyacinth Cabal-Ramos at Jose Reuben Alagaran II ang mga karanasan ng ilang mamamahayag sa Bicol na nakararanas ng banta at atake. Sa kanilang pag-aaral, nakatuon sila sa iba't ibang mekanismong ginagamit ng *press* upang patuloy na maisulong ang kalayaan sa pamamahayag sa kabila ng panganib.

Tinalakay naman nina Ronaldo C. Magsakay at Kristine R. Viray kung paano nagiging daluyan ng katatagan ang komunikasyon sa harap ng sakuna. Gamit ang karanasan ng Marikina City sa pagbaha at bagyo, ipinakita nila kung paano nakatutulong ang mahusay na estratehiya sa komunikasyon sa pagpapatatag ng *disaster preparedness* at *resiliency* ng mga komunidad.

Sa sektor ng mga institusyong pangkalinga, sinuri nina Sarah O. Lumanlan at Santosh K. Digal ang komunikasyon bilang sandata ng mga bahay-ampunan upang mapanatili ang kanilang mga programa. Sa pamamagitan ng *internal* at *external communication strategies*, nagiging posible ang mobilisasyon ng mga mapagkukunan para sa kabutihan ng mga batang kanilang pinangangalagaan.

ISSN 2945-4883 (Online)

Hindi rin nalilimutan ang usapin ng kooperatiba. Sa pananaliksik nina Lea B. Belardo at Emelyn Q. Libunao, binigyang-pansin ang paggamit at bisa ng iba't ibang *communication tools* sa ACDI Multipurpose Cooperative. Ipinakikita rito na nagiging susi ang tamang pagpili at pamamahala ng komunikasyon upang mas maging episyente at epektibo ang operasyon ng kooperatiba.

Sa huli, tinalakay nina Trina Alyssa Rimas Maiquez at Paz H. Diaz ang aplikasyon ng Spiral of Silence Theory sa online na espasyo. Binibigyang-diin ng kanilang pag-aaral na bagama't may takot sa pagkakahiwalay o pagkakansela, ang suporta mula sa social networks, lalo na mula sa mga kaibigan, ay nakapagpapalakas ng loob ng mga indibidwal na magpahayag ng kanilang pananaw sa pulitika.

Nagsisilbing patunay ang lahat ng artikulong ito na ang komunikasyon ay hindi lamang daluyan ng impormasyon, kundi mahalagang kasangkapan sa pagtataguyod ng katotohanan, pagkakapantay-pantay, katatagan, at katarungan. Sa pamamagitan ng kolektibong tinig ng mga iskolar at praktisyoner, nawa'y magsilbing gabay ang mga pananaliksik na ito tungo sa mas makabuluhan at makataong pakikipag-ugnayan sa lipunan.

Kaugnay nito, ang larawang ginamit sa pabalat ng isyu mula sa Canva Pty Ltd ay naglalarawan ng mga tinig na nagsasalubong, isang metapora ng *talastásan*. Ipinakikita nito na ang komunikasyon ay hindi lamang paglalabas ng mensahe kundi proseso rin ng pakikinig, pagtugon, at pagbuo ng kahulugan. Tulad ng nakikita sa biswal, may iba't ibang anyo at lakas ng tinig, ngunit lahat ay nagtatagpo upang lumikha ng mas malawak na pag-unawa. Sa ganitong diwa, ang pabalat ay nagsisilbing biswal na katuwang ng mga pananaliksik na nakapaloob sa isyung ito, patunay na sa kabila ng pagkakaiba-iba, ang ugnayan at diyalogo ang tunay na susi sa pag-unlad ng lipunan.